

COMMONSPIRIT HEALTH ADDENDUM NG PATAKARAN SA PAMAMAHALA

ADDENDUM Pananalapi G-003A-3

PETSA NA MAGKAKABISA: Nobyembre 1, 2021

PAKSA: Tulong sa Pananalapi - Washington

MGA KAUGNAY NA PATAKARAN

Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Patakaran sa Tulong sa Pananalapi*

Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-004, *Pagsingil at Mga Koleksyon*

Ang addendum (Addendum) ng Washinton na ito ay suplemento sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit G-003, *Tulong sa Pananalapi* (ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi), kung kinakailangan, ayon sa at upang sumunod sa mga batas at regulasyon ng Washington kaugnay sa pagkakaloob ng Kawanggawang Pag-aalaga sa Ospital, alinsunod sa seksiyon na "Koordinasyon sa Ibang Mga Batas" ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi.

Ang Addendum na ito ay nalalapat sa lahat ng Direktang Kasosyo ng CommonSpirit Health at Mga Subsidiary na Hindi Nagbabayad ng Buwis sa estado ng Washington, gaya ng tinukoy sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi. Kung ang anumang probisyon ng Addendum na ito ay sumasalungat sa, o hindi naaayon sa, anumang probisyon ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, ang Addendum na ito ang mangingibabaw.

Ang mga sanggunian sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi sa Medikal na Pangangalagang Pang-emergency at Kinakailangang Pangangalagang Medikal (Emergency Medical Care and Medically Necessary Care, EMCare) ay patuloy na bibigyang kahulugan bilang "Naaangkop na mga serbisyong medikal na nakabatay sa Pasilidad ng Ospital" at "Mga pangangalagang pang-emergency o serbisyong pang-emergency" na nilalaman sa WAC 246-453- 010 (7) at (11), ayon sa pagkakabanggit.

MGA KAHULUGAN

- A. Ang "Kinikita ng Pamilya" ay nangangahulugan ng kabuuang mga resibo ng pera bago ang buwis na nagmula sa mga sahod at suweldo, pagbabayad sa kapakanan, pagbabayad sa Social Security, benepisyo sa welga, benepisyo sa kawalan ng trabaho o kapansanan, suporta sa bata, alimonyo, at netong kinita mula sa mga aktibidad sa negosyo at pamumuhunan na binayaran sa indibidwal, alinsunod sa WAC 246-453-010 (17).

PAGKAKARAPAT-DAPAT PARA SA TULONG PINANSYAL

- A. Walang hihingin na minimum na balanse ng account para maging kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong sa Pananalapi.
- B. Ang "Mga Pamantayan sa Kooperasyon ng Pasyente," na tinukoy ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, ay nalalapat lamang sa abot na:

- pinapayagan ang Pasilidad ng Ospital na habulin ang pagbabalik-bayad mula sa anumang proteksiyon ng ikatlong partido na maaaring matukoy para sa Pasilidad ng Ospital, alinsunod sa WAC 246-453-020(1);
- pinapayagan ang Pasilidad ng Ospital na gawin ang lahat ng makatuwirang pagsisikap na matukoy ang pagkakaroon o hindi pagkakaroon ng pag-sponsor ng ikatlong partido na maaaring sumagot sa buo o bahagi ng mga sinisingil para sa mga serbisyong ibinigay sa bawat pasyente, alinsunod sa WAC 246-453-020(4); at
- huwag magpataw ng mga pamamaraan ng aplikasyon para sa pangangalagang pang-kawanggawa na naglalagay ng hindi makatuwirang pasanin sa responsableng partido, na isinasaalang-alang ang anumang mga kakulangang pisikal, pang-kaisipan, intelektwal, o pandama o hadlang sa wika na maaaring humadlang sa kakayahan ng responsableng partido na sumunod sa mga pamamaraan ng aplikasyon, alinsunod sa WAC 246-453-020(5).

ANG PARAAN NG PAG-APPLY PARA SA TULONG SA PANANALAPI

- Para sa mga hangarin na maabot ang isang paunang pagtukoy sa katayuan ng pag-sponsor, ang mga Pasilidad ng Ospital ay aasa sa impormasyong ibinigay nang pasalita ng responsableng partido Maaaring kailanganin ng Pasilidad ng Ospital na lumagda ang responsableng partido ng isang pahayag na nagpapatunay sa katumpakan ng impormasyong ibinigay sa Pasilidad ng Ospital para sa mga layunin ng paunang pagtukoy sa katayuan ng pag-sponsor, alinsunod sa WAC 246-453-030(1). Alinsunod sa WAC 246-453-020(1), kung ang paunang pagtukoy ng katayuan ng pag-sponsor ay nagpapahiwatig na ang responsableng partido ay maaaring matugunan ang mga pamantayan para sa pag-uuri bilang isang taong maralita, ang mga pagsisikap sa pagkolekta na nakadirekta sa responsableng partido ay maiiwasan habang naghihintay ng isang pangwakas na pagtukoy ng pag-uuri na iyon, sa kondisyon na ang responsableng partido ay nakikipagtulungan sa makatuwirang pagsisikap ng Pasilidad ng Ospital na maabot ang isang pangwakas na pagtukoy sa katayuan ng pag-sponsor.
- Alinsunod sa WAC 246-453-030(2), bilang karagdagan sa mga dokumento na nakalista sa Patakarang sa Tulong Pinansyal, ang alinman sa mga sumusunod na dokumento ay ituturing na sapat na katibayan upang gawing batayan para sa pangwakas na pagtukoy sa katayuan ng pag-sponsor sa pangangalagang pang-kawanggawa, kapag ang impormasyon sa kita ay ginawang taunan kung naaangkop:
 - Ang mga form na umaapruba o tumatanggi sa pagkakarapat-dapat sa Medicaid o tulong medikal na pinopondohan ng estado;
 - Ang mga form na umaapruba o tumatanggi sa kabayaran sa pagkawala ng trabaho; o
 - Mga nasusulat na pahayag mula sa mga employer o ahensyang pang-kapakanan.
- Kung mayroong pahiwatig na dahil sa pang-kaisipan, pisikal o intelektuwal na kakayahan ng pasyente, o dahil sa hadlang sa wika, na ang pagkumpleto sa pamamaraan ng aplikasyon ay maglalagay ng hindi makatuwirang pasanin sa mga pasyente, ang Pasilidad ng Ospital ay magsasagawa ng mga makatuwirang hakbang para mapadali ang proseso ng aplikasyon, kasama ang paggamit sa isang tagapagsalin para matulungan ang pasyente sa proseso ng aplikasyon kung kinakailangan.

- D. Gagawin ng mga Pasilidad ng Ospital ang lahat ng makatuwirang pagsisikap para makamit ang pauna at pangwakas na pagtukoy sa pagkakarapat-dapat sa tulong sa pananalapi sa napapanahong paraan. Gayunpaman, dapat gawin ng Mga Pasilidad ng Ospital ang mga pagtukoy na iyon sa anumang oras, kahit na sa pagtatapos ng Panahon ng Pag-apply, kapag nalaman ang mga katotohanan o pagtanggap ng dokumentasyon na inilarawan dito, na nagpapahiwatig na ang kinikita ng responsableng partido ay katumbas ng o mas mababa sa dalawang daang porsiyento (200%) ng mga pederal na pamatnubay sa kahirapan na ibinabagay ayon sa laki ng pamilya. Ang oras sa pag-abot ng pinal na pagtukoy sa pagkakarapat-dapat sa tulong sa pananalapi ay walang kinalaman sa pagkilala ng Pasilidad ng Ospital sa mga pagbabawas sa pangangalagang pangkawanggawa mula sa kinikita bilang naiiba sa hindi makolektang utang. WAC 246-453-020(10).
- E. Ang sinumang responsableng partido na una nang natukoy na natutugunan ang mga pamantayan para sa pagtanggap ng tulong pinansyal ay dapat bigyan ng hindi bababa sa labing apat (14) na araw ng kalendaryo o sa oras na maaaring kailanganin ng kondisyong medikal ng tao, o ng anumang oras na maaaring kinakailangan upang matiyak at upang maipakita ang dokumentasyong inilarawan sa loob ng WAC 246-453-030 bago matanggap ang isang pangwakas na pagtukoy ng katayuan sa pag-sponsor.
- F. Alinsunod sa WAC 246-453-030(4), sa kaganapan na hindi maibigay ng responsableng partido ang alinman sa mga dokumentong inilarawan sa itaas, ang Pasilidad ng Ospital ay aasa sa nasusulat at nalagdaan na mga pahayag mula sa responsableng partido para sa paggawa ng pangwakas na pagtukoy sa pagkakarapat-dapat sa pag-uuri bilang isang maralitang tao (indigent).
- G. Alinsunod sa WAC 245-453-030(5), ang mga kahilingan para sa impormasyon mula sa Pasilidad ng Ospital sa responsableng partido para sa pagpapatunay ng kinikita at laki ng pamilya ay lilimitahan lamang sa kung ano ang makatuwirang kinakailangan at madaling makuha upang mapatunayan ang kwalipikasyon ng responsableng partido para sa pangkawanggawang pag-sponsor, at hindi maaaring gamitin para pahinain ang loob ng mga aplikasyon para sa nasabing pag-sponsor. Tanging ang mga katotohanang kaugnay ng pagkakarapat-dapat ang maaaring patunayan, at hindi hihingi ng mga duplicate na anyo ng pagpapatunay.
- H. Aabisuhan ng Pasilidad ng Ospital ang mga taong nag-aapply para sa tulong sa pananalapi ng kanilang panghuling pagpapasiya sa katayuan ng pag-sponsor sa loob ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng impormasyon alinsunod sa WAC 246-453-020(7); dapat kasama sa nasabing abiso ang pagtukoy sa halaga ng pera na magiging pananagutan ng responsableng partido.
- I. Sa kaganapan na tanggihan ng Pasilidad ng Ospital ang aplikasyon ng responsableng partido para sa tulong sa pananalapi, aabisuhan ng Pasilidad ng Ospital ang responsableng partido ng pagtanggap at ang batayan para sa mga panukatan ng pagtanggap sa oras ng pagbigay ng mga serbisyo, anumang pagbabayad na lampas sa halaga na natukoy bilang naaangkop ay ibabalik sa pasyente sa loob ng tatlung (30) araw mula sa pagkamit ng pagtatalaga ng pangangalagang pangkawanggawa. WAC 246-453-020(11).
- J. Sa kaganapan na nagbayad ang isang responsableng partido ng bahagi o lahat ng sinisingil na kaugnay ng naaangkop na EMCare, at sa kalaunan ay napatunayan na nasasapatan ang

panukatan sa tulong sa pananalapi sa oras na ibinigay ang mga serbisyo, anumang pagbayad na hihigit sa halagang tinukoy bilang naaangkop ay ibabalik sa pasyente sa loob ng tatlung (30) araw mula pagkamtan ng pagtatalaga ng pangangalagang pang-kawanggawa. WAC 246-453-020(11).

- K. Alinsunod sa WAC 246-453-020(6), ang Mga Pasilidad ng Ospital ay hindi mangangailangan ng mga deposito mula sa mga responsableng partido na ang kita ay katumbas o mas mababa sa dalawang daang porsiyento (200%) ng mga pederal na alituntunin sa kahirapan na ibinigay para sa laki ng pamilya, tulad ng ipinahihiwatig sa pamamagitan ng isang paunang pagtukoy sa katayuan ng pag-sponsor

IPINAPALAGAY NA PAGKAKARAPAT-DAPAT

Sa kaganapan na ang pagkakakilanlan ng responsableng partido bilang isang mahirap na tao ay malinaw sa mga kawani ng Pasilidad ng Ospital, at matutukoy ng mga kawani ng Pasilidad ng Ospital ang posisyon ng antas ng kinikita sa loob ng malawak na pamantayan na inilarawan sa WAC 246-453-040, batay sa mga pangyayari sa buhay ng indibidwal na nasa loob ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi o kung hindi man, ang Pasilidad ng Ospital ay hindi obligadong magtatag ng saktong antas ng kinikita o humiling ng dokumentasyon mula sa responsableng partido, maliban kung ang responsableng partido ay humiling ng karagdagang pagsusuri.

MGA APELA

- A. Ang lahat ng responsableng partido na tinanggihan ng tulong sa pananalapi ay bibigyan ng, at aabisuhan tungkol sa, pamamaraan ng pag-apela na magbibigay-daan sa kanila na iwasto ang anumang kakulangan sa dokumentasyon o humiling ng pagsusuri sa pagtanggap at mga resulta sa pagsusuri ng pagpapasiya ng chief financial officer ng Pasilidad ng Ospital.
- B. Ang mga responsableng partido ay aabisuhan na mayroon silang tatlung (30) araw ng kalendaryo para humiling ng apela sa pinal na pagtukoy sa pagkakarapat-dapat para sa tulong sa pananalapi. Sa loob ng unang labing-apat (14) na araw ng panahong ito, ang Pasilidad ng Ospital ay hindi dapat ibigay ang account na pinag-uusapan sa isang panlabas na ahensya ng pagkolekta. Kung ang Pasilidad ng Ospital ay nagpasimula na ng mga aktibidad sa koleksyon at natuklasan na ang isang apela ay naihain, ititigil nito ang mga pagsisikap sa pagkolekta hanggang sa matapos ang apela. Pagkalipas ng labing-apat (14) na araw na panahon, kung walang inihain na apela, maaari nang simulan ng ospital ang mga aktibidad sa pagkolekta.
- C. Kung ang pinal na desisyon sa apela ay nagpatunay sa nakaraang pagtanggap ng tulong sa pananalapi, ang Pasilidad ng Ospital ay magpapadala ng nasusulat na abiso sa responsableng partido at sa Kagawaran ng Kalusugan alinsunod sa batas ng estado.

Ang lahat ng iba pang tuntunin na nakalagay sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong Pinansyal*, ay mananatiling hindi nababago.